



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA - 15 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 HUNYO 2010, IKA -10:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Ererita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento- Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Edren Y. Faderon

KAPASYAHAN BLK. 008
Taong 2010

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMIHATI SA MGA NAULILA
NI KAGAWAD JOSE L. LUJARIO NG BARANGAY
PACLASAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Jose L. Lujario ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang kagawad ng barangay pinagsikapan niyang manigunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, malaking paghanga at paggalang ang kanyang inani mula sa kanyang mga pinagsisibilhan at kasumahan sa Sangguniang Barangay ng Paclasan at kapwa

lingkod bayan dahil sa kanyang ipinamalas na pagmamahal sa tungkulin at sa bayan;

SAPAGKAT, sa panahong inilagid niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging responsableng ama ng pamilya,

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sumpu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Jose L. Lujario, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Paclasan ng bayang ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Kgg. Jose L. Lujario, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay Paclasan, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang naiwang pamilya lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY : 07 Hunyo 2010

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN.


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo